Panuto: Gumawa ng sanaysay patungkol sa "Kahalagahan ng wika"

# "Kabuluhan ng Pangkalahatang Wika"

**Ang bawat tao ay hindi mabubuo kung walang layunin. Ang bawat problema ay hindi mareresolba kung walang solusyon. Hindi maisasakatuparan ang kultura't tradisyon, kung walang nagpasimuno. Higit sa lahat, hindi pwedeng mabuo ang isang bansa kung walang wika. Isabuhay na natin na mahalagang matutunan ang kinagisnang diyalekto, dahil ito ang pagkakaiba ng ating mga lahi. Kalunos-lunos ang sinasapit ng mga taong tinatalikuran ang kanilang kinalakihan, dahil awtomatikong kinamumuhian din nila ang kanilang wika. Paano nga ba natin ito masosolusyunan? Marahil iniisip natin na wala na silang pagasa, subalit lahat ng tao ay may pagkakataong magbago, kaya naman unti-unitiin lamang natin, upang maipamulat sa kanila ng buo ang importansya ng wika. Sa kabilang banda, nakakagalak na buhay pa rin sa iba nating kababayan ang kahalagahan ng salita, dahil naipapadama nila ang kanilang respeto, pagunawa, pagiingat at pagmamahal dito. Huwag natin ipagsawalang bahala ang ating gampanin sa ating sinilangan, bagkus matuto tayong isapuso at sundin ito.**

**Ang wika ang siyang ating bukod tanging tulay upang makabuo ng koneksyon sa ating kapwa. Animo'y wari nakakapaghayag tayo ng samu't saring mga kwento, ideya at opinyon gamit ang salita. Marami tayong maaaring paggamitan ng wika, kaya masasabi natin na ito ay tila ba nakakatulong upang magkaroon ng kabuluhan ang ating pakikipag talastasan sa ating kaibigan, kaklase, pamilya at marami pang iba. Diba? Sigurado na ang katangi-tanging kadalisayan ng ating pinakamamahal na diyalekto, kaya matutuhan natin na bigyan itong pansin. Gaya na lamang ng wika na kinakailangan ng paggalang at pagiingat. Hindi rin naman maipagkakaila na tanging ari-arian ng kaibuturan ng isang bansa ay ang kani-kanilang mga salita na marahil ay konektado sa kanilang kultura at tradisyon, kabilang dito ang Pilipinas. Matutunan sana nating kumandali sa ating kinagisnang wika dahil ito rin ang tatak ng bawat bayani natin, ito ang kanilang ginamit upang maipamulat sa ating kababayan ang kalapastangan ng mga kastila. Iwaksi natin ang ating agam-agam at laliman pa ang ating adhikain sa importansya ng wika dahil ito ang susi patungo sa kaunlaran.**

Preview from Notesale.co.uk
Page 1 of 1

**Huwag nating dalhin ang ating sarili sa mga hukay, masira lamang ang ating kinalakihang salita. Ating pagkatandaan na ginagamit natin ang diyalekto upang magkaroon ng komunikasyon sa bawat tao na nakakasalamuha natin, kasama na rin ang diyos. Marapat lamang na alam natin ang kahalagahan ng ating mga nakasanayang wika dahil dito tayo magbubuklod muli, bilang isang pilipino. Hindi na mabilang ang lengguwahe na patuloy pang umuusbong sa bansang Pilipinas, dahil nakakasiguro ako na mayroon pa ring ipapanganak na bagong mga salita sa bawat sulok ng ating bansa. Isa pa, ang karamihan sa ating mga wika ay siyang nabubuo sa tulong ng ating mga katutubo o ating mga pangkat etniko. Nang dahil sa kanila ay patuloy na nabubuhay at kinakagagalakan ang ating lengguwahe. Samakatuwid, huwag nating patayin ang ating mga wika, malalim man ito o sunod na sa uso. Palawakin natin ang ating kaalaman kung paano maipepreserba ang mga ito, sa kadahilanang kakailanganin pa ito ng iba pang henerasyon. Anuman ang ibahin, nasa dugo na natin ang pagiging pilipino at ito'y hindi mapapalitan.**